

Ano ang dapat mong malaman

Ang Official Development Plan (ODP) ng Vancouver

Noong 2024 ay sinimulan ng Province ang bagong batas (Bill 18) na mag-uutos sa Lungsod ng Vancouver na gumawa ng iisang Official Development Plan (ODP) para sa buong lungsod. Maaaring narinig mo na ang Vancouver Plan (2022) -- ang framework ng Lungsod para lumikha ng isang lungsod na mas magandang tirahan, mas abot-kaya, at mas sustainable para sa lahat. **Ang Vancouver ODP ay nakatunghay sa Vancouver Plan, at idinaragdag nito kung ano ang kinakailangan para tumugon sa provincial legislation at para maging alinsunod sa mga policy na inaprubahan ng Council. Ito ang dapat mong malaman.**

Mga Dapat Gawin Alinsunod sa Batas

Sa ilalim ng Bill 18, dapat kaming magkaroon muna ng ODP para sa buong lungsod hanggang sa Hunyo 30, 2026, at dapat naming isama ang mga kasalukuyang ODP na ispesipikong para sa area sa iisang ODP para sa buong lungsod hanggang sa Hunyo 30, 2030. Ang Lungsod ay kasalukuyang mayroong 11 area-specific ODPs at tatlong may-kinalaman sa paksa na ODP para sa buong lungsod; ang mga ito'y pagsasama-samahin sa ilalim ng bagong Vancouver ODP.

Bukod pa rito, pinagbabawalan ng Bill 18 ang mga public hearing (pandinig para sa publiko) para sa mga proyektong alinsunod sa ODP at may hindi kukulang sa 50% na residential housing. Ang mga public hearing ay magpapatuloy para sa mga proyektong hindi alinsunod sa ODP. Ginamit ng Council ang staff report na gumagawa ng mga pagbabago sa Procedure By-law ng Lungsod na isagawa ang mga seksyon ng Bill 18 sa Hulyo 10, 2024; ito'y mahahanap [dito](#).

Para malaman kung ang isang aplikasyon ay alinsunod sa ODP, ang pangunahing tool na gagamitin ay ang Generalized Land Use (GLU) Map at ang mga may kinalamang land use designations; ipapakita nito kung ano ang maitatayo sa anong lugar, sa ilalim ng mga kasalukuyang policy sa zoning at rezoning.

Timeline ng proyekto

Kasama ang mga sumusunod na mahahalagang stages sa proseso ng paglikha ng Vancouver ODP:

- ODP Development (Summer 2024 – katapusan ng 2025)
- Draft ODP para masiyasat ng publiko (katapusan ng 2025)
- Unang bersiyon ng ODP (Pagtitibayin hanggang sa Hunyo 30, 2026)
- Pangalawang bersiyon ng ODP kung saan pagsasama-samahin ang lahat ng mga kasalukuyang ODP (Pagtitibayin hanggang sa Hunyo 30, 2026)
- Pagsisiyasat bawat 5 taon – kasabay ng Housing Needs Report; ito'y gagawan ng update kapag kinakailangan, nang manatili itong up-to-date at mabisa

Ano ba ang ODP?

Ang bagong Vancouver ODP ay magiging isang pangmatagalang pananaw para sa komunidad at ito'y magpapatnubay at huhugis sa pagsulong, pagplano, at paggamit ng lupa sa darating na 20-30 taon at lampas pa noon. Ito'y parang roadmap para sa kinabukasan ng lungsod. Oras na ito'y pinagtibay, ang lahat ng mga by-law na pinagtibay, o ang lahat ng mga trabahong ginawa, ay dapat alinsunod sa plan.

Ang ODP ay magiging dokumento ng policy na pagtitibayin ng isang by-law. Ang ODP ay hindi kapalit ng area plans para sa mga ispesipikong neighbourhoods at zones sa lungsod.

Ano ba ang Vancouver Plan, at paano ba ito nauugnay sa ODP?

Ang Vancouver Plan ay patnubay para sa pangmatagalang pagsulong sa ating lungsod. Ito ang resulta ng apat na phases ng malawak na talakayan sa publiko at teknikal na trabaho sa iba't-ibang mga paksa tulad ng housing, sining at kultura, klima, at transportasyon.

Ang plano ay nagbibigay-diin sa tatlong malalaking ideya na natiyak sa pamamagitan ng proseso ng pakikipagtalakay sa publiko:

- Pantay na pabahay at kompletong neighbourhoods,
- Isang ekonomiya na gumagana para sa lahat, at
- Mabilis na kilos para matugunan ang pagbabago sa klima.

Ang Vancouver Plan ay magiging Vancouver ODP, at pananatilihin nito ang kasalukuyang content at idaragdag nito kung ano ang kinakailangan para tumugon sa provincial legislation at para maging alinsunod sa mga policy na inaprubahan ng Council.

Kokonsultahin ba ang publiko tungkol sa ODP?

Oo. Magkakaroon ng pagkakataon para marepaso at makapagbigay ng puna ang publiko sa draft Vancouver ODP sa katapusan ng 2025.

Ang Vancouver ODP ay ang pagpapatuloy ng Vancouver Plan, na may kasamang malawak na pakikipagtalakayan sa publiko, community groups, First Nations, Metro Vancouver Aboriginal Executive Council, stakeholders, at equity-denied groups. Kami ay nagpapasalamat sa libu-libong mga táong nagbigay ng feedback at mga ideya noong ginagawa ang Vancouver Plan. Patuloy na isasaalang-alang ito habang gumagawa kami ng mga pagbabago sa Vancouver Plan para gawin itong isang ODP by-law.

Ang konsultasyon sa kasalukuyang phase ay magbibigay-diin sa mahuhusay na trabahong kinakailangan para sa ODP, na siyang mas teknikal at mas administratibo. Ang First Nations, mga katabing municipalities, school boards, at regional, provincial at federal boards at mga ahensiya ay iimbitahing lumahok tulad ng iniuutos ng Provincial legislation.

Bakit ba tinatanggal ng Bill 18 ang mga public hearing?

Layunin ng Bill 18 na gawing mas mabilis ang approvals at bigyang kompiyansa ang publiko at mga aplikante sa pagsasagawa ng ODP nang maitayo natin ang mga tahanang kailangan ng ating lumalaking lungsod. Isang paraan para gawin ito ay ang tanggalin ang requirement para sa mga public hearing para sa mga proposal na alinsunod sa ODP. Makakatipid ito ng panahon at resources habang sinisigurado na ang bagong developments ay alinsunod sa ating parehong local at rehiyonal na pananaw.

Bagamat may mahalagang tungkulin ang mga public hearing, ang Public Hearing ay nangyayari sa huling bahagi ng proseso ng rezoning kung kailan mas limitado ang mga oportunidad na impuwensiyahan ang mga resulta. Ang proseso ay maaari ring hindi patas para sa publiko dahil maaaring hindi sila makaa-access dito o dahil hindi tama ang timing para sa kanila.

Kami ay nagbibigay-diin sa pagbigay sa publiko ng mga oportunidad na ihugis ang resulta sa panahon ng pagpapalano, nang masigurado na pinakamaraming miyembro ng komunidad na maaari ang maaaring makapunta at makalahok.

Kung walang mga public hearing, paano maririnig ang mga tinig ng tao?

Alam namin na kailangang balansihin ang mahalagang pakikipagtalakay sa publiko habang binabawasan ang mga hadlang para sa development proposals na tumutupad sa mga layunin ng Vancouver ODP. Bagamat ang mga public hearing ay bawal sa ilalim ng Bill 18 para sa ilang mga takdang proyekto, patuloy naming sisiguraduhin na maririnig ang inyong tinig sa pamamagitan ng:

- **Pagkakaroon ng talakayan habang maaga pa sa panahon ng proseso:** Ibabahagi namin ang draft ODP sa katapusan ng 2025 para marepaso ito ng publiko at para makapagbigay sila ng feedback.
- **Platform ng Shape Your City:** Ang online platform na ito ang siya naming magiging pangunahing tool para sa kasalukuyang pakikipagtalakayan sa publiko para sa rezoning applications. Ang bawat aplikasyon ay magkakaroon ng dedikadong page at comment box.
- **Workshops at Open Houses:** Patuloy kaming magtatanghal ng in-person at virtual workshops at open houses kapag kinakailangan, para makakuha ng feedback at magbigay ng impormasyon tungkol sa development proposals. Ang mga ito’y malawak na ipa-publicize nang mahikayat ang paglahok.

Magkakaroon ng karagdagang talakayan sa panahon ng proseso ng pagpapalano ng area, at ang lahat ng mga kasalukuyang proseso ng talakayan tungkol sa rezoning ng Lungsod ay magpapatuloy, kabilang na ang kakayahang magsumite ng mga puna at feedback sa Staff at council para ito’y maisaalang-alang bago gumawa ng desisyon tungkol sa rezoning.

Ang Vancouver ODP ba ay isang policy sa rezoning?

Ang Vancouver ODP ay hindi mismo isang policy sa rezoning. Ang ODP ay pagtitibayin ng isang by-law at magsisilbi bilang patnubay para sa Council sa paggawa nila ng mga desisyon tungkol sa rezoning applications, mga pamumuhunan sa imprastruktura, at iba pang mga bagay na umaapekto sa development na dapat ay alinsunod sa ODP. Ang ODP ay magkakaroon ng high-level guidance at isang Generalized Land Use plan na nagbabalangkas sa kasalukuyang rezoning na nagbibigay-daan sa mga policy na itinatag sa tulong ng area plans na pinagtibay ng Council. Ang Vancouver Plan (2022) ay may kasamang isang [Land Use Strategy Map](#) na patuloy na magbabalangkas sa isang pinag-isang pananaw tungkol sa kung paano lalakí at magdidebelop ang lungsod sa mga darating na dekada, pero hindi rin ito isang policy na nagbibigay-daan sa rezoning.

Ang mga policy na nilalaman ng ODP ay isasagawa sa katagalan ng panahon sa pamamagitan ng:

- Area plans
- Mga policy sa rezoning
- [Zoning at Development By-law](#)
- Iba pang mga trabahong ginawa

Matatanggal ba ng ODP ang mga natatanging katangian ng mga neighbourhood?

Hindi, ang ODP ay isang high-level na pangmatagalang pananaw. Gagayahin ng ODP ang Vancouver Plan dahil nalalaman nito na ang ilang mga lugar, tulad ng Gastown at Chinatown, ay may mga natatanging katangian ng neighbourhood at ito’y dapat isaalang-alang, pero hindi nito malalim na tutugunan ito. Ang area plans ay magbibigay ng detalyadong direksyon para sa neighbourhoods na ito na sumasaalang-alang sa kanilang mga natatanging konteksto.

Paano naman ang area plans? Saan naman sila pumapasok dito?

Ang area plans ay nagbibigay ng detalyadong direksyon sa paggamit ng lupa, development, at anyo ng building sa local level para sa darating na panahon, at isinusulong nito ang mga mas malawak na layunin ng rehiyon na itinakda ng Metro 2050 at na nakapahayag sa Vancouver ODP. Ang publiko ay patuloy na magkakaroon ng mga oportunidad na magbigay ng input sa mga plano para sa lugar para sa darating na panahon.